
7

# Learning Activity Sheet
# Sa Filipino
# Kuwarter 3- Week 4 - Melc 5

## Pagsusuri Ng Katangian At Elemento Ng Mito, Alamat, At Kuwentong Bayan



REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Learning Activity Sheet 5

Pangalan ng Mag-aaral: ______________________ Taon at Pangkat: ________
Petsa: _________

**FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET**
**Pagsusuri ng katangian at elemento ( Mito, Alamat at Kuwentong Bayan)**

## I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA

Nasusuri ang mga katangian at elemento ng mito, alamat, kuwentong bayan, maikling kuwento mula sa Mindanao, Kabisayaan at Luzon batay sa paksa, mga tauhan, tagpuan, kaisipan at mga aspetong pangkultura (halimbawa: heograpiya, uri ng pamumuhay, at iba pa) **F7PB-IIIa-e-15 / F7PB-IIIa-e-16**

## II. PANIMULA (SUSING KONSEPTO)

Ang **Mitolohiya** ay isang halos magkakabit-kabit na kumpol ng mga tradisyonal na kuwento o mito (Ingles: *myth*), mga kuwento na binubuo ng isang partikular na relihiyon o paniniwala. Karaniwang tinatalakay ng mga kuwentong mito ang mga diyos at nagbibigay ng mga paliwanag hinggil sa mga likas na kaganapan. Halimbawa na ang kung paano nagkaroon ng hangin o mga karagatan. May kaugnayan ang mitolohiya sa alamat at kuwentong-bayan.[1]

Ang isa sa mga sikat na mitolohiya ay ang mitolohiya ng mga Griyego o ang tinatawag na mitolohiyang Griyego. Ilan sa mga sikat na tauhan sa mitolohiya ng mga Griyego ay ang mga diyos na sina Zeus, Aphrodite, Athena, at iba pa.

### KATANGIAN NG MITO, ALAMAT AT KUWENTONG BAYAN

Isa sa mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino ay ang mga kuwentong bayan, alamat at mito. Ito ay bahagi ng ating panitikang saling-dila o lipat-dila (ibig sabihin ay naikukuwento lamang nang pasalita) na lumalaganap bago pa man may dumating na mga mananakop sa ating bansa. Kadalasan ang mga pinuno ng barangay o ang pinakapari ng relihiyon ang nagkukuwento ng mga ito. Ang kuwentong bayan, alamat at mito ay halos may kaugnayan sa isa't isa. Halos pareho lamang ang kanilang paksa na karaniwan ay tumatalakay sa kalikasan, pamahiin, relihiyon, paniniwala, at kultura ng isang partikular na pangkat o lugar. Nababanggit din sa mga akdang ito ang heograpiya, uri ng hanapbuhay, at katangian ng mga mamamayan kung saang lugar o pangkat ito nagmumula. Halos lahat ng kuwentong ito ay nilikha o ikinuwento upang makapagbigay ng gintong aral na magagamit sa tunay na buhay. Bagama't halos magkakatulad ay makikita pa rin ang natatanging katangian ng bawat pasalindilang panitikang ito. Ang kuwentong-bayan, gaya ng "Pakikipagsapalaran ni Juan Tamad" ay isang maikling kuwento tungkol sa isang tauhang naninirahan o paniniwalang litaw na litaw sa isang partikular na lugar o pangkat. Ang alamat ay isang kuwentong nagsasaad kung saan nanggaling o nagmula ang mga bagay gaya ng "Alamat ng

Palendag" at "Alamat ng Isla ng Pitong Makasalanan.' Samantang ang mito o myth ay karaniwang tumatalakay sa mga kuwentong may kinalaman sa mga diyos, diyosa, bathala, diwata, at mga kakaibang nilalang na may kapangyarihan. Sa iyong akdang binasang "Ang Matandang Kuba Sa Gabi ng Cañao" ay magpapatunay ng kaugnayan ng tatlong pasalindilang panitikang nabanggit. Masasabing isang kuwentong bayan ang akdang ito dahil naipakita rito ang isang natatanging kultura ng mga Ifugao– ang pagdiriwang ng Cañao. Gayunpaman ay masasabing isa ring alamat ang akdang ito dahil naipaliwanag sa akda kung bakit ang ginto bago makuha ay kailangan munang minahin o hukayin. Ang malaking naging gampanin ng bathala o mga anito sa kuwento ay nagpapakita naman ng katangian ng isang mito.

**Elemento ng Mito, Alamat, at Kwentong Bayan:**

- **Tauhan**- ang mga tauhan na nagsiganap, ang pangunahing tauhan at pangalawang tauhan at ang kanilang ginagampanan papel sa kwento.
- **Tagpuan**- ito ang lugar o pinangyarihan ng kwento.
- **Saglit na Kasiglahan**- dito ang panandaliang pagtatagpo ng mga tauhan bago dumating ang isang suliranin o balakid sa isang kwento.
- **Tunggalian**- ang pakikipaglaban o pakikipagtunggali ng pangunahing tauhan sa kanyang sarili, tao laban sa kanyang kapwa, tao laban sa lipunan at tao laban sa kalikasan.
- **Kasukdulan**- ito ang pinamadulang bahagi ng isang kwento. Dito magaganap ang pagwawagi o kabiguan na maaring matamo ng pangunahing tauhan.
- **Kakalasan**- ito ang pababang pangyayari sa kwento.
- **Wakas**- ito ang wakas o katapusan ng isang kwento. Maaring malungkot o masaya.

## III. SANGGUNIAN

Mula sa Internet:

https://tl.wikipedia.org/wiki/Mitolohiya
https://brainly.ph/question/485418
https://www.coursehero.com/file/53670745/Katangian-ng-Mito-Alamat-at- Kuwentong-bayanpptx/

## IV. MGA GAWAIN

PANUTO: Basahin at unawain ng mabuti ang Mitolohiya ng Luzon na pinamagatang "Ang Bagsik ng Pinatubo". Pagkatapos, sagutan ang mga sumusunod na gawaing inihanda para sa iyo.

### Ang Bagsik ng Pinatubo

Maraming taon na ang nakalilipas, sa bulubundukin ng Zambales ay may isang bulkan na tinatawag na Pinatubo na hindi masyadong tanyag na natatakpan at napapalibutan ng makakapal na damo, halaman at iba't ibang uri ng mga puno na matatagpuan sa gitna ng isang napakayamang kagubatan. Dito rin naninirahan ang

mga mahihirap na mga katutubo tulad ng mga Ita, na ang kanilang tanging hanapbuhay ay pagtatanim at pangangaso. Ayon sa kuwento ng kanilang mga ninuno sa loob bulkan ay mayroon palang nakatagong isang malaking kaharian na pinamumunuan ng apat na Diyos ng kalikasan.

Sila ay ang magkakapatid na Drago ang Diyos ng Apoy siya ang panganay, napakayabang nito at napakadominante gusto niya na siya lamang ang tatanggap ng mga papuri mula sa matagumpay na mga digmaan, may matikas na pangangatawan, may nanlilisik itong mga mapupulang mata na animo'y umaapoy sa dilim at ito ay sobrang nakakatakot magalit at higit sa lahat ang kanyang kapangyarihang apoy ay kasing-init ng araw . Pangalawa naman ay si Albus ang Diyos ng Hangin, siya ay matapang at hindi nagpapadaig sa kanyang mga kapatid, siya ay may matipunong katawan at siya ay tuso at mapanlinlang ang kanyang mata ay kulay berde na maihahalintulad sa kulay ng dahon sa masagang kagubatan, ang kapangyarihan niyang hangin ay may kakayahang tanggalan ng hininga ang isang ordinaryong tao at kaya nitong gumawa ng isang napakalaki at napakalakas na ipo-ipo at kaya niya rin itong kontrolin. Si Perses ang Diyos ng Tubig, siya ang pangatlo sa magkakapatid, siya ay malakas ang loob, hindi umaatras sa mga kaaway at siya'y mistulang pipi dahil paminsan-minsan lang kung magsalita sapagkat naniniwala itong sayang lang sa oras ang pagsasalita at mas gugustuhin nitong umaksyon at kumilos nang walang sabi-sabi, kung ito ay may hindi nagustuhan sa iyong sinabi ay magiging bayolente ito, ang kanyang mata ay kulay asul na kung iyong titingnan ay mistulang nalulunod ka sa kailaliman ng dagat, ang kanyang kapangyarihang tubig ay kayang magdulot ng napakalaking daluyong na kayang wasakin ang isang lugar. At ang panghuli ay si Bolter ang Diyos ng Kidlat, siya ang panghulli sa magkakapatid sapagkat di ito nakaranas ng pagmamahal datapwat ang puso nito ay bato, wala itong nararamdamang emosyon o pagkaawa man lang sa kanyang mga kinikitilan ng buhay, ito ay mistulang walang pakialam sa paligid pero sa kalooban niya siya'y naghahangad na maging pinakamalakas, ang kanyang katawan ay maihahalintulad sa bakal sapagkat sa halip na dugo, kuryente ang dumadaloy dito at ang kanyang mukha nama'y palaging natatakpan nang kanyang magulong kulay abong buhok kaya't mata nito'y hindi mo masisilayan, siya'y napakalakas na kaya niyang gawing sandata ang kidlat at gawin itong kulay lila na maituturing na pinakamalakas na uri ng kidlat.

Silang magkakapatid ay parehong malakas at mabagsik ang taglay na kapangyarihan, marami na silang napatay na mga kalaban dahil sa kanilang pagtutulungan at pagkakaisa. Ni wala pang mga kalaban na nakatalo sa kanila mula sa kanilang pakikipagdigmaan.Sobrang kahanga-hanga ang taglay nilang kapangyarihan.Sa simula ay maganda pa ang kanilang relasyon bilang magkakapatid. Sila ay nagkakaisa at nagtutulungan para ipagtanggol ang kanilang kaharian laban sa mga kaaway na nais sakupin ang kanilang kaharian. Pero habang tumatagal bawat isa sa kanila ay nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan dahil sa pagkakaroon nila ng makasariling motibo sa bawat isa na gustong maghari-harian. Walang may nais na magpakumbaba at magparaya.

Isang araw, habang sila ay nagkaroon ng pagpupulong sa kaharian ipinagyayabang ni Drago sa lahat ng mga panauhin, tauhan at sa kanyang mga kapatid ang matagumpay na pakikipagdigma sa mga kaaway na kung hindi daw dahil sa kanyang taglay na malakas na kapangyarihan at katapangan hindi daw sila nagwagi sa labanan. Pagkatapos ng kanyang pahayag ay napuno ang kaharian ng

sigawan nang papuri para kay Drago, ngunit ang kanyang mga kapatid sa likod nama'y naririndi na na sa kanyang pagyayabang at sila'y lihim na naiinis kay Drago sapagkat di naman totoo ang kanyang mga sinabi. Tumayo si Albus at marahang humakbang papunta sa kay Drago At nagkaroon ng nakabibinging katahimikan sa kaharian. "Sobrang bilib naman nito sa sarili ni Drago" ang nangungutyang wika ni Albus sa harap ng madla. "Grabe inako nya lahat ni hindi man lang niya kami isinama na mga kapatid niya", dagdag pa ni Albus na nakakuyom ang kamao na kahit anong oras ay kaya niya itong kalabanin. "May oras ka rin Drago balang araw makakaganti rin ako sa iyo!" Ang wika ni Bolter na di-mapakali ng mga oras na iyon dahil sa sobrang galit sa panganay na kapatid.


Samantala ang mistulang pipi na si Perses ay biglang nagsalita na naghahamon."Mga kapatid mabuti pa idaan na lang natin ito sa isang pagtutuos", para malaman natin kung sino sa atin ang pinakamalakas at makapangyarihan. Dahil dito inilibas nila ang kanilang taglay na kapangyarihan. Sila ay nagsimulang magtuos hanggang sa dumating ang panahong kinatatakutan hindi na nila mapigil ang sarili na bawat isa sa kanila ay gumamit ng kanilang kanya-kanyang taglay na kapangyarihan hanggang sa nagsagupaan ang kanilang malalakas na puwersa at kapangyarihan at nagdulot ito ng halo-halong elemento hanggang sa hindi na makontrol at makayanan ng bawat isa ang puwersa ng kanilang kapangyarihan kaya nagbunga ito ng isang malakas na pagyanig sa loob ng kaharian at biglang sumabog ng napakalakas at walang kahit sinuman ang makapagpigil nito.

Kaya biglang sumambulat sa bunganga ng bulkan ang sari-saring puwersa at elemento tulad ng mga nagbabagang bato, nag-aapoy na mga putik, maiitim at bilog na mga usok, matingkad na mga alikabok, nakakatakot na mga guhit ng kidlat. At dahil dito maraming buhay ang nasawi, mga nasirang ari-arian at pananim at hayop na namatay.

Sa huli, ang mga tao ay naniniwala na ang mga Diyos ay buhay pa rin sa loob ng bulkan at sila'y natatakot nang manirahan dito baka darating ang panahon na mag-aaway ulit ang magkakapatid na Diyos ng kalikasan at maulit muli ang pagputok ng Bulkang Pinatubo.

**GAWAIN 1**

Panuto: Isulat sa loob ng bulaklak na may hugis bilog ang pangalan ng inyong narinig o napanood na diyos, diyosa, diwata, o anito at isulat naman sa mga talulot(*petals*) nito ang mga impormasyon o bagay-bagay tungkol sa kanya.



**GAWAIN 2**

Panuto: Sagutin ang mga katanungan. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang kakaibang katangian ng mito na hindi matatagpuan sa katangian ng alamat at kuwentong bayan?
   A. Ito ay tumatalakay sa pamahiin ng isang lugar.
   B. Ang mga tauhan ay nagtataglay ng iba't ibang kapangyarihan.
   C. Tumutukoy sa pinagmulan ng mga bagay-bagay.
   D. Nagpapakita ng natatanging kultura ng isang bayan.

2. Paano nagkaroon ng kaugnayan sa isa't isa ang mito, alamat at kuwentong-bayan?
   A. Halos magkakabit-kabit na kumpol ng mga tradisyonal na kuwento.
   B. Pareho lamang ang kanilang paksa na karaniwan ay tumatalakay sa kalikasan, pamahiin, relihiyon, paniniwala, at kultura ng isang partikular na pangkat o lugar.
   C. Tungkol sa isang tauhang naninirahan o paniniwalang litaw na litaw sa isang partikular na lugar o pangkat.
   D. Malaking naging gampanin ng bathala o mga anito sa kuwento.

3. Sa huli, ang mga tao ay naniniwala na ang mga Diyos ay buhay pa rin sa loob ng bulkan at sila'y natatakot nang manirahan dito baka darating ang panahon na mag-aaway ulit ang magkakapatid na Diyos ng kalikasan at maulit muli ang pagputok ng Bulkang Pinatubo. Ang pangyayaring ito ay ang _________ ng akda.
   A. Panimula C. Kasukdulan
   B. Tunggalian D. Wakas

4. Sila ay ang magkakapatid na Drago ang Diyos ng Apoy siya ang panganay, si Albus ang Diyos ng Hangin, siya ay matapang at hindi nagpapadaig sa kanyang mga kapatid, Si Perses ang Diyos ng Tubig, siya ang pangatlo sa magkakapatid, si Bolter ang Diyos ng Kidlat, siya ang panghulli sa magkakapatid. Anong elemento ng akda ito?
   A**.** Tauhan C.Tagpuan
   B. Saglit na kasiglahan D. Kakalasan

5. Ayon sa akda, Bakit biglang sumabog nang pagakalas-lakas ang Bulkang Pinatubo?
   A. Dahil sa hindi malamang kadahilanan.
   B. Dahil sa katandaan ng bulkan.
   C. Dahil sa nagsanib na malalakas na puwersa ng mga diyos ng kalikasan.

D. Lahat ng sagot ay tama.

**GAWAIN 3**

A. Panuto: Balikan muli ang akdang binasa, Suriin kung taglay nito ang katangian ng isang mito/alamat o kuwentong bayan. Isulat sa loob ng talahanayan ang patunay na taglay o hindi nito taglay ang mga nasabing katangian. Pagkatapos bumuo ng kongklusyon sa katangiang taglay ng akda.

| Alamat | Mito | Kuwentong-Bayan |
|---|---|---|
| | | |

Mula sa aking pagsusuri, aking napatunayan na

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

B. Panuto: Buoin ang graphic organizer patungkol sa elemento ng akdang "Ang Bagsik ng Pinatubo". Punan ang bawat bahagi ng nararapat na kasagutan.

Ang Bagsik ng Pinatubo

Mga Tauhan:

Tagpuan:

Saglit na Kasiglahan:

Tunggalian:

Kasukdulan:

| |
|---|
| Kakalasan/ Pababang Pangyayari: |

| |
|---|
| Wakas: |

**PANGWAKAS/ REPLEKSIYON**

Natutuhan ko na mahalagang patuloy na basahin, pag-aralan, at matuto mula sa iba't ibang alamat, mito at kuwentong-bayan mula sa Mindanao, Kabisayaan at Luzon dahil:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**SUSI SA PAGWAWASTO**

*Gawain 1:*
*Guro na ang bahala sa pagwawasto sa gawaing ito.*

*Gawain 2:*
*1.B 2.B 3.D 4.A 5.C*

*Gawain 3:*
*Guro na ang bahala sa pagwawasto sa gawaing ito*

______________________________________________